


# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Dula: “Munting Pagsinta” at “Dahil sa Anak”



**Filipino – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Dula: “Ang Munting Pagsinta” at “Dahil sa Anak”**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtatakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Anomang parte ng materyales na ito ay hindi maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumubuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	April Rose T. Sumalpong Cherry Pinck Acaylar Amarilla Rosalie A. Pastor Secil L. Veranda
<b>Editor:</b>	Josephine L. Tomboc, Susan S. Bellido
<b>Tagasuri:</b>	Thelma P. Opada, Mario Shoji N. Romarate, Alma M. Beton
<b>Tagapamahala:</b>	Ruth L. Fuentes Eugenio B. Penales, Sonia D. Gonzales Majarani M. Jacinto Juliet A. Magallanes Florencio R. Caballero Alma D. Belarmino

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

## **Filipino**

### **Ikalawang Markahan – Modyul 6: Dula: “Munting Pagsinta” at “Dahil sa Anak”**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.


Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



Maligayang pagdating sa ikaanim na modyul! Kumusta ang araw mo? Malugod kong binabati ang iyong ipinamalas na kagalingan. Muli ako’y naririto, ang iyong kaibigan na si Liway hangad lagi ang iyong tagumpay!

Handa ka na ba? Sa pagkakataong ito, ihanda ang iyong sarili para sa panibagong kaalaman. Tara at lakbayin natin ang mundo ng panitikan ng Silangang Asya!


Oops! Alam kong ikaw ay nasasabik nang pag-aralan ang mga panitikan ng Silangang Asya, sa araw na ito sabay nating pag-aralan ang mundo ng **dula**. Inaasahang maipamalas mo ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Silangang Asya at makasusuri sa dula na may pamagat na “Munting Pagsinta” at “Dahil sa Anak” at mga elemento nito.

Halina’t sabay nating linangin ang kakayahan mo sa pagsusuri sa binasang dula batay sa pagkakabuo at elemento nito.


Sa araling ito, inaasahang maipamalas mo ang pag-unawa at pagpapahalaga sa dula na may pamagat na “Munting Pagsinta” na hinalaw ni Mary Grace A. Tabora sa pelikula ni Sergei Bordov na mula sa Mongolia. Sumasalamín sa dula ang kultura ng mga taga-Mongolia patungkol sa pakikipag-ayos sa mga lahing pinagkakautangan sa pamamagitan ng pagpapakasal sa anak nito. Mahihinuha rin dito na ang mga Mongolian ay nagsasagawa ng pagpili ng magiging kabiyak sa hinaharap sa murang edad. Isa pa ay ang pakikipagkasundo ng mga magulang sa pag-iisang dibdib ng kanilang mga anak.

Kaibigan, sa pagtatapos ng ating paglalakbay, inaasahan kong magagawa mo ang kasanayang ito:

- nauuri ang mga tiyak na bahagi at katangian ng isang dula batay sa napakinggang diyalogo o pag-uusap (F9PN-IIg-h-48);
- nasusuri ang binasang dula batay sa pagkabuo at mga elemento nito (F9PB-IIg-h-48);
- napaghahambing ang mga napanood na dula batay sa mga katangian at elemento nito (F9PD-IIg-h-48); at
- nagagamit ang mga angkop na pang-ugnay sa pagsulat ng isang maikling dula tungkol sa karaniwang buhay ng isang pangkat ng tao sa ilang bansa ng Asya. (F9PU at WG-IIg-h-51).



## Subukin



Magandang buhay! Heto na, heto na talaga ang iyong unang gawain! Handa ka na ba?

Bago natin tatahakin ang mundo ng Mongolia upang alamin ang kanilang mga dula, nais ko munang subukin ang inyong kakayahan sa pagsagot ng mga katanungan na siyang makatutulong sa iyo sa paglalakbay sa modyul na ito. Handa ka na ba?

### Gawain: Piliin Mo!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat bilang, pagkatapos, piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. “Kawangis ng madilim na kalangitan ang nadarama ng magiting na mandirigmang naninimdim sa takbo ng kapalarang sinapit na nakatalungko sa isang sulok ng makipot at karima-rimarim na piitan.” Alin ang maaring tagpuan sa pangungusap?  
A. Madilim na kalangitan                      C. Takbo ng kapalaran  
B. Magiting na mandirigma                  D. Makipot na piitan
2. *Ang mag-amang Dan at Danilo ay masayang naglakbay pauwi sa kanilang dampa sa malayong nayon ng Mabini. Ang nakasalungguhit na mga salita ay tumutukoy sa \_\_\_\_\_ ng isang teksto.*  
A. Banghay    C. Iskrip  
B. Tagpuan    D. Tauhan
3. *Masayang namamasyal ang munting binibini sa malawak na parang kung saan napapalibutan ng malaparaisong tanawin. Ang maaaring tauhan sa pangungusap ay \_\_\_\_\_.*  
A. Masayang namamasyal                      C. Munting binibini  
B. Malawak na parang                              D. Malaparaisong tanawin
4. *Ang pagkakaroon ng isang mataas at matibay na edukasyon ay isang saligan upang mabago ang takbo ng iyong buhay gayundin sa isang lipunan tungo sa pagkakaroon ng isang masaganang buhay at ekonomiya. Ang teksto ay pumapaksa tungkol sa \_\_\_\_\_.*  
A. Pagbabago sa ekonomiya  
B. Pagkakalugmok sa kahirapan  
C. Pagtatapos ng matibay at mataas na edukasyon  
D. Paghahangad ng masagana at marangal na buhay

5-10. **Panuto: Basahing mabuti at isulat ang letra ng angkop na pang-ugnay sa sumusunod na pahayag.**

5. Ang kanyang nilutong ulam na tinolang manok ay \_\_\_\_\_ lahat.  
A. para sa  
B. ukol kay  
C. tungkol sa  
D. hinggil sa
6. Gusto niyang bumili ng damit, \_\_\_\_\_ wala siyang pera.  
A. dahil  
B. kung gayon  
C. ngunit  
D. sapagkat
7. Masama sa may sakit na diabetes ang matatamis \_\_\_\_\_ pagkain.  
A. sa  
B. na  
C. ng  
D. nang
8. Umasenso ang kanyang buhay \_\_\_\_\_ sa kanyang pagsisikap sa trabaho.  
A. dahil  
B. subalit  
C. ngunit  
D. sapagkat
9. Ang pagsusulit sa araw na ito ay \_\_\_\_\_ mga uri ng tula.  
A. para sa  
B. tungkol sa  
C. dahil sa  
D. ukol kay
10. Napagod sa kaniyang paglalakbay si Elmo kaya nagpahinga siya \_\_\_\_\_ lilim ng punongkahoy.  
A. sa  
B. na  
C. ng  
D. nang

## Aralin

# 1

## Dula: “Munting Pagsinta” at “Dahil sa Anak”



### **Balikan**



Bago natin ipagpatuloy ang iyong paglalakbay subukin nga nating balikan kung naaalala at natatandaan mo pa ba ang iyong huling aralin? Gamit ang iyong kuwaderno, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang maikling kuwento?
2. Ilahad ang mga bahagi ng maikling kuwento at kahulugan nito.




### ***Mga Tala para sa Guro***

Mga bagay na dapat ipaalam sa mga mag-aaral:

1. Magpatulong sa nakatatandang kapatid kung nahirapan.
2. Huwag mag-atubiling magtanong kung may hindi naunawaan.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at gawin ang mga pagsasanay.



### ***Tuklasin***



Halika! Samahan mo ako at umpisahan nating alamin at unawain ang isang nakakakilig na dula mula sa bansang Mongolia.

### **Magbasa Tayo!**

**Panuto:** Basahin ang dalawang dula na pinamagatang “**Munting Pagsinta**” at “**Dahil sa Anak**” na makikita ninyo sa inyong libro na Panitikang Asyano 9, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino na nasa pahina 151-158.

***Ang mga pangyayari sa dalawang dula ay tungkol sa ama at anak, na nagpapakita na ang mga magulang ay nakikialam sa pagpapasya ng anak tungkol sa kanilang pag-asawa ngunit sa kalaunan ay pag-ibig pa rin at pagpapatawad ang mananaig sa bawat isa.***

***Gawain 1: Ideya mo, Ilahad mo!***




### **Gawain 1: Ideya mo, Ilahad mo!**

**Panuto: Isulat ang iyong sagot sa inyong sagutang papel.**

1. Nakaantig ba ng damdamin ang mga linya ng mga aktor sa dula?
2. Malinaw bang naiparating ang tema ng dula sa mga mambabasa?
3. Paano mo maihahambing ang dalawang dulang iyong nabasa?
4. Ano ang iyong sariling pananaw tungkol sa mga magulang na nagpapasya para sa kanilang mga anak?



## **Suriin**



Magaling kaibigan! Natapos mong basahin at sagutin ang gawain, kumusta? Marami ka bang natutuhan?

Ngayon ipaliwanag ko sa iyo ang mga ito. Sundan at tandaan ang mga mahahalagang kaalaman dahil magagamit mo ito sa susunod pang mga gawain na iyong tatahakin.

### **Alam mo ba na?**

Inilalarawan ng panitikang Filipino ang damdamin nating mga Pilipino sa pamamagitan ng pasalita o pasulat. Sa pamamagitan nito, binibigyang interpretasyon natin ang ating pamumuhay, kaugalian, tradisyon, paniniwala at maging pulitika. Samantalang, bahagi ng panitikang Filipino ang dula. Bilang isang panitikan ito ay ang paraan ng panggagagad ng mga pangyayari sa tunay na buhay sa entablado.

Ginagamit rin ang dula bilang midyum upang panatilihin ang nakaraan at kasaysayan, maituwid ang maling pamamalakad, at matalunton ang direksiyon ng bukas. Binanggit ni Villafuerte (2000) na ayon kay Rentra (1972) nilalayon ng dula na makalikha ng pagbabago, naghahamon ay nagyayakag na makisangkot ang manonood sa dalawang kaparaanan; ang pagpapakilala ng pamantayang panlipunan at ang pagwawasto sa mga walang katarungan.

Binubuo ang dula ng iba't ibang bahagi na nagdaragdag ng pagiging malikhain nito:

**1. Yugto** - Nahahati ang mga dula sa iba't ibang yugto depende sa haba nito. May mga dulang may iisang yugto na kung saan nagaganap ang dula sa isang lugar at pangyayari lamang.

**Hal.** Ang pagtatapos ng pag-uusap ng mag-amang Yesugei at Temujin.

**2. Eksena** - Ang bumubuo sa isang yugto. Sa madaling sabi, ito ay isang pangyayari sa isang lugar sa isang panahon. Ito rin ay maituturing na paglabas-masok sa tanghalan ng mga tauhang gumaganap sa dula.

**Hal.** Ang pagdidiskusyon ng mag-amang Yesugei at Temujin hinggil sa pag-aasawa habang papaalis.

**3. Tagpo**-. Ang pagpapalit o ang iba't ibang tagpuan na pinangyarihan ng mga pangyayari sa dula.

**Hal.** Mapapadpad si Temüjin sa isang **dampa** kung saan nakatira ang dalaginding na si Borte.

### **Mga Katangian ng Dula**

May kani-kaniyang katangian ang bawat dula gayunman, nakapokus ang mga katangiang ito sa paksa at pangkalahatang ideyang nais ipahiwatig nito. Mga paksang binibigyang interpretasyon sa dula. Madalas tulad ng ibang uri ng panitikan hindi ito kaagad nilalantad. Binibigyang hugis ito ng simbolo na resulta ng pagiging malikhain ng direktor sa kaniyang pagpapatakbo sa dula at pagganap ng mga artista.

Nagtataglay ang bawat artista at direktor ng mga teknik na naiiba sa iba. Inilarawan ni Ricky Lee ang mga teknik na ito tulad ng pagpunta sa Quiapo na kung ang isang tao ay malikhain, hahanap ito ng ibang direksiyon na hindi dadaanan ang gagawin ng iba. Naniniwala rin si Lee na ang bawat artista ay may maliit na taong gumagamit ng lente sa naiibang paraan.

Naiimpluwensiyang rin ang katangian ng dula sa paggamit ng mga sangkap ng dula; ang boses, katawan at isip. Ginagamit ang boses ng mga artista sa pagbigkas ng mga iskrip at ito rin ang nagtatakda ng maaaring maging damdamin ng mga manonood. Ginagamit ang katawan sa bawat pagkilos, pagsayaw, pag-indayog at paggalaw ng bawat artista. Ginagamit naman ang isip para sa pagbibigay interaksyon ng bawat karakter ng dula sa bawat isa.

### **Elemento ng Dula**

**1. Iskrip**- nakasulat ang detalyadong dayalogo ng mga tauhan sa isang dula. Para kay Ricky Lee ang isang epektibong script ay iyong bumubuhay sa imahinasyon at dumadausdos sa kaibuturan ng kaniyang mambabasa, manonood at maging ng gaganap nito. Nakalagay rin sa mga iskrip ng dula ang mga teknikal na kailanganin at kahingian ng isang dula.

2. **Banghay**- pagkasunod-sunod ng mga pangyayari
4. **Gumaganap/Karakter o Aktor**- Ang nagbibigay buhay sa mga tauhan sa iskrip; sila ang nagbibigkas ng diyalogo; sila ang nagpapakita ng iba't ibang damdamin; sila ang pinanonood na tauhan sa dula; ang nagsasabuhay sa iskrip ng dula.
4. **Tanghalan**- anumang lugar na pinagpasyahang pagtanghalan ng isang dula. Maaaring entablado, kalye at iba pa.
5. **Direktor** -Nagbibigay ng pagpapakahulugan sa iskrip. Ito rin ang nagpapasya sa itsura ng tagpuan, damit ng mga tauhan hanggang sa paraan ng pagganap at pagbigkas ng mga tauhan sa iskrip.
6. **Manonood**- ang siyang manonood na siyang nagbibigay reaksiyon sa mga damdaming ipinahihiwatig ng isang dula

### **Mga Pantulong sa Paghahambing**

#### **Dalawang-uri ng Paghahambing**

Ang dalawang uri ng paghahambing ay magkatulad at di-magkatulad na paghahambing. Ang dalawang uri ng paghahambing na ito ay ginagamit upang ipahayag o ilarawan ang mga bagay na mas madaling maunawaan ng nakikinig o mambabasa sapagkat maaaring kilala niya ang isa sa mga bagay na inihahambing. Maaaring paghambing ang mga tao, hayop, halaman, lugar o ideya.

#### **Paghahambing na Magkatulad**

Ang **paghahambing na magkatulad** ay paghahambing sa dalawang bagay na may parehong katangian, anyo o katayuan. Halimbawa ng inihahambing na magkakatulad ay mga kambal o mga pare-parehong lugar na maunlad. May mga panandang ginagamit sa paghahambing na magkatulad gaya ng mga sumusunod na halimbawa.

Magkasintangos ang ilong ng kambal na sina Maria at Marita.

Kawangis ng bulaklak na sampaguita ang hinhin at yumi ni Isabel.

Sintangkad ng aming pintuan ang tatay ni Emman.

#### **Paghahambing na Di- magkatulad**

Ang **paghahambing na di-magkatulad** ay paghahambing sa dalawang bagay na may iba't ibang katangian, anyo o katayuan. Maaari ring ihambing na di-magkatulad ang kambal na may iba't ibang katangian o anyo. May mga pananda ring ginagamit sa paghahambing na di-magkatulad gaya ng mga sumusunod na halimbawa.

Di hamak na mas matatalino ang mga batang kumakain ng gulay kaysa mga batang pihikan sa pagkain.

Hindi gaanong matamis ang niluto mong keyk ngayon kumpara sa keyk na ginawa mo kahapon.

Napakalambing umawit ni Mericris di katulad ng kanyang kapatid na parang laging galit pag kumakanta. Rakista kasi ang kapatid ni Mericris.

Mas matangos ang ilong ni Maria kaysa ilong ng kakambal niyang si Marta.

## Ang Mga Pang-ugnay

**Ang mga pang-ugnay** ay mga salitang nagpapakita ng relasyon ng dalawang yunit sa pangungusap, maaaring salita, dalawang parirala o ng dalawang sugnay.

### Uri ng mga Pang-ugnay (Connectives)

**A. Pangatnig** (conjunction) - mga salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala o sugnay na pinagsunod-sunod sa pangungusap.

#### Mga Uri ng Pangatnig:

1. **Pamukod** – ginagamit upang itangi ang isa sa isa pang bagay gaya ng **o, ni, maging at man**.

*Halimbawa: Batid ko ang pagkapanalo ng ating grupo kung si Josephine **man** ang piniling lider natin.*

2. **Paninsay o pasalungat** – ginagamit kung nagsasaaad ng pagsalungat gaya ng: ngunit, datapwat, subalit, samantala, kahit.  
*Halimbawa: Maganda nga si Marie **ngunit** suplada naman.*

3. **Panubali o Panlinaw** – nagsasaaad ng panubali o pasakali, gaya ng: kung, kapag, pag, sakali, sana.  
*Halimbawa: Hindi tayo makapamasyal **kapag** hindi makauwi ng maaga ang nanay.*

4. **Pananhi** – tumutugon sa tanong na bakit, nagsasaaad ng kadakilaan, nagbibigay ito ng dahilan o katuwiran para sa pagkaganap ng kilos, gaya ng: dahil sa, sanhi sa, sapagkat, mangyari.  
*Halimbawa: Namaos si Jane **dahil sa** matagal na pagtatalumpati.*

**B. Pang-angkop (ligature)** - mga katagang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan.

1. **Pang-angkop na na-** ito ay iniaangkop sa mga salitang nagtatapos sa katinig tulad ng b, k, p, at iba pa.

Halimbawa:

kapatid na babae  
masarap na pagkain  
matatag na kinabukasan  
marangal na pag-uugali

2. **Pang-angkop na ng-** ito ay ginagamit kapag ang kaangkupan ay nagtatapos sa patinig. Ikakabit ito sa unang salita.

Halimbawa:

babang kapatid  
bagng bayani  
mabuting anak  
pag-uugang marangal

**3. Pang-angkop na g-** ito ay ikakabit sa mga salitang nagtatapos sa titik n sa magkasunod na salitang naglalarawan at inilalarawan.

Halimbawa:

butihin manugang - butihing manugang

bayang magiliw - bayang magiliw

maalinsangan lugar- maalinsangang lugar

**A. Pang-ukol-** (Preposition sa wikang Ingles) ay kataga o salitang nag-uugnay sa pangngalan o panghalip sa ibang salita sa pangungusap.

Iba't ibang Pang-ukol:

ni/nina

kay/kina,

laban sa/kay

ayon sa / kay

para sa/kay


ukol sa/kay

tungkol sa/kay


hinggil sa/kay

alinsunod sa kay

ng



## Pagyamanin



Kumusta? Siksik-liglig na ba ang iyong kaalaman? Ngayon, muling balikan ang dulang “Munting Pagsinta”. Handa ka na bang gawin ito?

Sige, maaari mo nang simulan.

### Gawain 1: Pagyamanin Mo!

Panuto: Tukuyin kung anong bahagi ng dula ang nakapaloob sa sumusunod na pahayag: Hanapin mula sa kahon ang inyong kasagutan.

Tauhan

Eksena


Yugto

Tagpo

- \_\_\_ 1. Ito ay ang paglabas at pagpasok ng kung sinong tauhang gumanap o gaganap sa eksena.
- \_\_\_ 2. Maaaring magbadya ng pagbabago ng tagpuan ayon sa kung saan gaganapin ang susunod na pangyayari.
- \_\_\_ 3. Ito ang paghahati sa dula, kung baga sa nobela ito ay kabanata.
- \_\_\_ 4. Lumabas si Amelia, umiiyak habang hinahaplos ang tangan tangan na alaga.
- \_\_\_ 5. Sa isang dipang lugar nakatirik ang isang napakalaking krus.

## Gawain 2.a. Bubble Map

**Panuto:** Gamit ang *bubble map*, kilalanin mga bahagi ng dula ayon sa mga detalyeng naglalarawan sa bawat bahagi na nakapaloob sa dulang “*Munting Pagsinta*”.



## Gawain 2.b Ibahagi Ko ang Natutunan Ko

Panuto: Magbanggit ng dalawang dulang nabasa o napanood at paghambingin ang mga elemento nito sa tulong ng mga pang-ugnay. Isulat ang inyong sagot sa tsart ng paghahambing.


### TSART NG PAGHAHAMBING

ELEMENTO NG DULA	PAGHAHAMBING (iba pang nabasa o napanood na dula)	
	Pamagat ng Dula	Pamagat ng Dula
Iskrip		
Aktor		
Tanghalan		
Direktor		
Manonood		



## **Isaisip**


### **ISIP...ISIP...**




Ang buhay ay tulad ng isang dula ikaw ang direktor, artista at scriptwriter at nakadepende ito kung paano mo idederehe ang dula ng sarili mong buhay.

Kung bibigyan ka ng pagkakataong maging dula ang kuwento ng iyong buhay tungkol saan ito? Bakit mo ito napili?

Isulat ang sagot sa kwaderno.



## **Isagawa**



Sa bahaging ito, gusto kong malaman kung gaano kahusay ang iyong antas ng pagkatuto at pag-unawa upang makamit ang layunin sa natutuhang aralin.

Dito mo mapapatunayan kaibigan kung talagang naunawaan mong mabuti ang ating talakayan at mga gawain. Gamitin ang iyong kaalaman sa gawaing ito at ibahagi ang kahalagahan nito sa iyong buhay.

### Gawain 3

**Panuto:** Bilang isang mabuting anak sumulat ng iskrip ng dula na naglalarawan kung paano ka makatutulong sa mga gawaing bahay. Salungguhitan ang mga ginamit na pang-ugnay. Isulat ito sa isang buong bondpaper at gamiting gabay ang rubriks na ito sa pagmamarka ng iyong awtput.

<b>Pamantayan</b>	<b>Di – Pangkaraniwan 4</b>	<b>Kahanga – hanga 3</b>	<b>Katanggap – tanggap 2</b>	<b>Pagtatangka 1</b>
Paksa	Tumpak at mapanghamon	May kaugnayan sa paksa	May kaunting kaugnayan	Walang kaugnayan
Pagkama-likhain	Napakamalikhain at napakahusay ang paggamit ng sangkap ng iskrip	Malikhain ngunit kulang sa mga sangkap ng iskrip, gaya ng dayalogo, tauhan, sulyap sa suliranin, tagpuan, at iba pa.	May kakulangan sa mga sangkap ng iskrip gaya ng dayalogo, tauhan, sulyap sa suliranin, tagpuan, at iba pa.	Hindi malikhain
Kalidad ng Ginawa	Makapukaw interes at tumitimo sa isipan	Makatawag pansin	Pansinin ngunit di- makapukaw interes	Di - pansinin, di - makapukaw interes.
Kalinisan	Maganda, malinis at kahanga- hanga ang pagkagawa	Malinis	Ginawa nang mabilisan ngunit malinis	Minadali ang pagbuo at marumi
Takdang Oras	Nakapagsumite nang maaga	Nakapagsumite sa takdang oras	Nakapagsumite ngunit hindi sa takdang oras	Higit sa isang linggo ang kahulihan
Iskala ng Pagmamarka: 16-20 – Di – pangkaraniwan 11-15 – Kahanga – hanga 6-10 – Katanggap – tanggap 1-5 – Pagtatangka				





## Tayahin



Bravo! Talagang pinaghusayan mo...

Sa bahaging ito, ating tatayahin ang iyong nalalaman mula sa modyul na ito.

**Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Paano mo maihahambing si Temujin sa dulang *Munting Pagsinta* kay Manuel sa dulang "*Dahil sa Anak*" batay sa pangyayari sa dula?
  - A. Mas magalang si Temujin kaysa kay Manuel.
  - B. Si Manuel ay mas pasaway kaysa kay Temujin.
  - C. Si Temujin ay mas matapang kaysa kay Manuel.
  - D. Sina Temujin at Manuel ay parehong masunurin.
2. Paano mo ihahambing ang tanghalan ng dalawang dula?
  - A. Parehong maaliwalas ang tanghalan ng dalawang dula.
  - B. Mas magara ang tanghalan ng dulang *Dahil sa Anak* kaysa sa *Munting Pagsinta*.
  - C. Mas malawak ang tanghalan ng dulang *Munting Pagsinta* kaysa sa dulang *Dahil sa Anak*
  - D. Ang tanghalan ng dulang *Munting Pagsinta* ay mas makulay kaysa sa dulang *Dahil sa Anak*.
3. Paano mo ihahambing ang mga pangyayari sa dalawang dula?
  - A. Higit na masalimuot ang mga eksena sa dulang *Munting Pagsinta*.
  - B. Magkakatulad ang dinanas na pagsubok ng mga pangunahing tauhan.
  - C. Magkaiba ang paraan ng paglutas ng suliranin ng mga pangunahing tauhan sa dula
  - D. Higit na nakakaaliw ang simula ng dulang *Dahil sa Anak* kaysa sa *Munting Pagsinta*.
4. Alin sa dalawang dula ang sa tingin mong higit na angkop panoorin ng mga batang manonood?
  - A. Ang *Munting Pagsinta* dahil mas marami ang mga aktor na gumaganap.
  - B. Ang *Dahil sa Anak*, dahil ang mga eksena ay nangyayari sa totoong buhay.
  - C. Ang *Dahil sa Anak*, dahil maayos ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari nito.
  - D. Ang *Munting Pagsinta*, dahil higit na maayos ang pakikitungo ng anak sa kanyang ama.

**5 – 6.** Panuto: Suriin ang dayalogo at tukuyin kung anong bahagi ito ng dula

5. Pag-uusap nina Borte at Temüjin:

Borte: “Anong mayroon sa akin, bakit ako ang pinili mo?”

Temüjin: “Di ko rin alam. Ang tanging alam ko lamang ay ito ang ibinigay ng pagkakataon sa akin. Ikaw ang aking nakita. Kaya naman pagbigyan mo na ako. Hindi naman ibig sabihin na pumayag ka ay pakakasal na tayo.”

A. Tagpo

B. Yugto

C. Banghay

D. Eksena

6. Yesügei: “Ganang desidido ka na, sino ba ako para di-sumang-ayon sa iyong kagustuhan. Ang iyong buhay naman ang nakataya rito” (Matiim na titingnan si Borte) “Okay lang ba sa iyo?”

Borte: “Opo!”

Yesügei: “Kung gayon halina kayong dalawa at kausapin natin ang mga magulang mo Borte.”

Matapos makipagsundo sa mga magulang ni Borte, ang mag-ama ay naglakbay pauwi sa kanilang dampa sa malayong nayon ng Mongolia.

A. Tagpo

B. Yugto

C. Banghay

D. Eksena

7. Ano ang tawag sa katumbas ng “salaysay” o pagsasaayos ng dula ng mandudula o “playwright”?

A. banghay

B. paksa

C. kilos

D. tanghal

8. Ano ang tawag sa pinakaluluwa ng isang dula?

A. tauhan

B. iskrip

C. manonood

D. entablado

**9 – 10.** Panuto: Basahin at unawain ang mga pahayag at tukuyin kung ano ang kataga o salitang pang-ugnay ang angkop gamitin sa sumusunod na pahayag.

9. Matalino si Anthoneth \_\_\_\_\_ siya ay sakitin.

A. ngunit

B. tungkol sa

C. ayon sa

D. pati


10. Masipag \_\_\_\_ bata si Mariel lalo na sa mga gawaing bahay.

A. ng


B. na

C. -g

D. at



## ***Karagdagang Gawain***



Binabati kita dahil nakaabot ka hanggang dulo, kaibigan! Ibig sabihin matagumpay mong nasagutan at nalagpasan ang mga pagsubok na aking inihanda para sa iyong makabuluhang pagkatuto. Narito na ang huling pagsubok na ibibigay ko sa iyo, handa ka na ba?!

### **Pagbuo ng Dula**

#### **Sumulat Na!**

Panuto: Sumulat ng isang maikling dula tungkol sa karaniwang buhay ng isang tao sa ilang bansa sa Asya. Tiyaking nakapaloob ang bawat bahagi ng dula, elemento at katangian nito.

\_\_\_\_\_ (Pamagat) \_\_\_\_\_

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---


---

---

---

**Pamantayan sa Pagsulat ng Dula**

<b>Pamantayan</b>	<b>Di – Pangkaraniwan 5</b>	<b>Kahanga – hanga 4</b>	<b>Katanggap – tanggap 3</b>
Paggawa sa Iskrip	Tumpak at maayos ang pagkasunod-sunod na pangyayari	Di masyadong maayos ang pagkasunod-sunod na pangyayari	May kaunting kamalian sa pagkasunod-sunod na pangyayari
Pagpapahalagang Asyano	Napakamalikhain at napakahusay ang paglalahad sa pagpapahalagang Asyano	Malikhain ngunit kulang sa mga sangkap sa paglalahad ng pagpapahalagang Asyano	May kakulangan sa mga sangkap sa paglalahad ng pagpapahalagang Asyano
Kabuoang Pagkabuo	Makapukaw interes at maganda ang pagkakabuo	Makatawag pansin at may maayos na pagkakabuo	Pansinin ngunit di-makapukaw interes at di masyadong maayos ang pagkakabuo
Iskala ng Pagmamarka: 10-15 – Di – pangkaraniwan 7-9 – Kahanga – hanga 1-6 – Katanggap – tanggap			



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. d  
2. d  
3. c  
4. d  
5. a  
6. c  
7. b  
8. a  
9. b  
10. a

**Tayahin**

1. A  
2. B  
3. C  
4. D  
5. B  
6. D  
7. A  
8. B  
9. A  
10. B

**Isaisip**

Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral  
Pagyamanin  
1. Tagpo  
2. Eksena  
3. Yugto  
4. Eksena  
5. Tagpo  
Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral

**PAGYAMANIN Isaisip**

**Bubble Map**

Tagpo  
Eksena  
Yugto

**Ibahagi ko ang natutunan ko**

-Nakadepende sa mag-aaral ang sagot

## **Sanggunian**

Peralta, Romulo, et al. *Ang panitikang Asyano-Filipino: Modyul ng mag-aaral sa Filipino*. Pasig City: Kagawaran ng Edukasyon, 2014.

Largo, Rowena C, et al. *Hinirang: Wika at Panitikang Filipino sa Makabagong Panahon*. Quezon City. Intelligente Publishing Inc. 2019.

Lee, Ricky. *Trip to Quiapo*. Quezon City. Philippine Writers Studio Foundation, Inc.1998.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)